

## Ang Pagliligtas Kay Moses

(Exodus 1-2:1-10)

Lumipas ang panahon, nagkaroon ng bagong Faraon ang Egipto na hindi nakakakilala sa ginawa ni Joseph. Sa takot na masakop sila ng mga Israelita dahil sa patuloy nilang pagdami, inutos niya na pahirapan sila sa pagtatrabaho at sa iba't ibang mabibigat na gawaing bukid.



Isang araw ipinatawag ng Faraon ang mga komadronang sina Sifra at Pua. Sinabi niya na sa tuwing magpapaanak sila ay patayin nila ang mga lalaking sanggol at hayaan ang mga babae na mabuhay. Ngunit hindi nila sinunod ang utos ng Faraon dahil sa takot nila sa Diyos.

Lalong dumami at lumakas ang mga Israelita. Kaya inutos ng Faraon na itapon sa Ilog Nilo ang lahat ng lalaking sanggol at hayaang mabuhay ang mga babae na isisilang ng mga Israelita.

May mag-asawang nagkaanak ng isang lalaki na napakaganda kaya't itinago ito ng ina. Makalipas ang tatlong buwan hindi na kayang itago ng ina ang sanggol, kaya't kumuha siya ng basket at inilagay rito ang sanggol. Inilagay sa talahiban sa may ilog ang basket habang ang kapatid na babae naman ng sanggol ay tumayo sa di kalayuan upang tingnan kung ano ang mangyayari.

Ang basket ay natanaw ng anak ng Faraon na maliligo sa ilog nang oras na iyon kaya ipinakuha ito sa kanyang katulong. Nang alisin ng prinsesa ang takip, nakita niya ang umiiyak na sanggol at siya ay naawa. Ang kapatid na babae ng sanggol ay lumapit sa prinsesa at

nagtanong kung nais niyang ihanap siya ng Hebreang mag-aalaga dito. Pumayag ang prinsesa kaya tinawag ng batang babae ang mismong ina ng sanggol.

Nang malaki na ang bata, dinala siya ng kanyang ina sa prinsesa. Pinangalanan niyang Moses ang bata at itinuring itong kanyang anak.



Ang Diyos ang ating tagapagligtas. Niligtas niya ang sanggol na si Moses mula sa kapahamakan o kamatayan: una nang pinagutos ng Faraon sa dalawang komadrona na patayin ang isisilang na lalaking sanggol at noong nagutos siyang itapon sa Ilog Nile ang mga batang lalaki. Ang pagliligtas ng Diyos sa batang si Moses ay maliit na bahagi lamang ng Kanyang plano para sa buhay niya. Kinikilala mo ba ang Diyos bilang iyong tagapagligtas at nagproprotekta sa iyo mula sa kapahamakan?

